Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

# Pagtatasa Sa Mga Estratehiya At Teknik Ng Mga Tagapayo Sa Pamamahayag Pampaaralan: Batayan Sa Pagbuo Ng Mungkahing Gabay Sa Teknikal Na Pagsasanay

Alberto Ampuan [1]
1 – National Teachers College
0009-0000-9713-6534

Publication Date: May 19, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20287952**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ilarawan at suriin ang mga estratehiya, teknik, at pamamaraan na ginagamit ng mga tagapayo ng pahayagang pampaaralan sa paggabay sa mga campus journalist, gayundin ang mga hamon na kanilang kinahaharap sa pagpapatakbo ng publikasyon. Gumamit ang pananaliksik ng mixed-method research design, kung saan pinagsama ang deskriptibong kwantitatibong pagsusuri at kwalitatibong thematic analysis upang makuha ang kabuuang larawan ng karanasan ng mga tagapayo. Ang mga respondente ay binubuo ng mga tagapayo ng pahayagang pampaaralan mula sa iba't ibang paaralan sa Lungsod ng Maynila.

Ipinakita ng mga resulta na lubos na isinasagawa ng mga tagapayo ang malinaw na pagpaplano, organisasyon ng nilalaman, paggabay sa pagsusulat at pag-edit, paggamit ng multimedia at teknolohiya, pagsasagawa ng mga pagsasanay at workshop, at paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag. Gayunpaman, lumitaw rin ang mga hamon tulad ng limitadong pondo, kakulangan sa kagamitan, kakapusan sa oras, mababang interes ng ilang mag-aaral, at kakulangan ng administratibo at komunal na suporta. Ipinakita ng kwalitatibong datos na tinutugunan ng mga tagapayo ang mga hamong ito sa pamamagitan ng kolaborasyon, digital publication, etikal na pamamahala, at patuloy na mentorship.

Bilang tugon, bumuo ang pag-aaral ng isang Mungkahing Gabay sa Teknikal na Pagsasanay para sa mga Tagapayo ng Pahayagang Pampaaralan na nakatuon sa organisasyunal at etikal na pamumuno, kasanayang teknikal at digital, at programang kolaboratibo at komunal. Ang gabay na ito ay nagsisilbing sistematikong sanggunian na nag-uugnay sa mga estratehiya, teknik, at hamon ng campus journalism, at malinaw na nakaangkla sa araling Filipino bilang kasangkapan sa paglinang ng kasanayan sa wika, kritikal na pag-iisip, at makabuluhang komunikasyon. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang isang mapagnilay, makabago, at kolaboratibong tagapayo ay mahalagang salik sa pagpapanatili ng kalidad, etika, at kabuluhan ng pahayagang pampaaralan.

***Mga Mahalagang Salita***: *Estratehiya. Teknik. Pamamahayag. Deskriptibong Kwantitatibo. Mungkahing Gabay.*

## INTRODUKSYON

Sa Pilipinas, kinikilala ang kalayaan sa pamamahayag bilang mahalagang karapatan ng bawat mamamayan, na pinagtibay sa pamamagitan ng Republic Act 7079 o Campus Journalism Act of 1991. Ayon sa batas na ito, ang campus journalism ay tumutukoy sa mga gawaing may kaugnayan sa pangangalap, pag-oorganisa, at paglalahad ng balita, pati na rin ang pagsulat ng iba't ibang anyo ng artikulo at nilalamang pampanitikan sa loob ng paaralan.

Sa ganitong konteksto, mahalagang papel ang ginagampanan ng School Paper Advisers (SPA) sa paggabay sa mga mag-aaral sa larangan ng pamamahayag. Sila ang namamahala sa paghubog ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, pag-edit, at paglikha ng nilalaman, gayundin sa pagpapatupad ng mga patakarang editoryal ng publikasyong pampaaralan. Gayunpaman, ipinakita sa ilang pag-aaral na may iba't ibang hamon ang kinahaharap ng campus journalism, tulad ng kakulangan sa badyet, limitadong oras ng pagsasanay, at mababang interes ng mga mag-aaral (Natividad, 2021). Dagdag pa rito, may mga tagapayo na walang sapat na pagsasanay o karanasan sa pamamahayag, na nagiging hadlang sa epektibong pamamahala ng publikasyon (Gapasin, 2021).

Sa panahon ng modernisasyon at digital na teknolohiya, lalo pang nagbago ang anyo at proseso ng pamamahayag. Bagamat patuloy ang papel ng tradisyunal na print journalism, unti-unti itong nahaharap sa hamon ng digital platforms, na nangangailangan ng mas malawak na kasanayan mula sa parehong mag-aaral at tagapayo (Abad, 2021).

Gayunpaman, sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral ukol sa campus journalism, may kakulangan pa rin sa pananaliksik na nakatuon sa sistematikong pagsusuri ng mga estratehiya at teknik ng mga tagapayo sa pamamahayag pampaaralan, partikular sa kontekstong lokal. Karamihan sa mga pag-aaral ay nakatuon lamang sa mga suliranin (hal. kakulangan sa pondo, interes, at pagsasanay), ngunit hindi sapat ang pagtalakay sa kung paano aktwal na isinasagawa ng mga tagapayo ang kanilang mga estratehiya at teknik, at kung paano ito maaaring gawing batayan sa pagbuo ng isang komprehensibong gabay sa teknikal na pagsasanay.

Bukod dito, sa lokal na konteksto ng mananaliksik, napag-alaman na walang umiiral na pamahayagang pampaaralan, na nagpapakita ng malinaw na pangangailangan para sa isang istrukturadong gabay na makakatulong sa pagtatatag at pagpapatakbo nito. Ang kakulangang ito ay nagpapakita ng isang mahalagang puwang sa praktikal na aplikasyon ng campus journalism sa antas ng paaralan.

Ang pangkalahatang layon sa pag-aaral ay malaman ang mga estratehiya at teknik ng mga tagapayo sa pamamahayag pampaaralan. Ito ay upang makabuo ng mungkahing gabay sa teknikal na pagsasanay. Ang pag-aaral na ito ay may layuning matugunan ang sumusunod: (1) Paano isinasagawa ang mga estratehiya sa pamamahayag pampaaralan sa pamamagitan ng (a) Pagbuo ng tiyak na layunin at pananaw, (b) Pagpaplano at organisasyon ng nilalaman, (c) Pagbibigay Gabay sa Pagsusulat at Pag-edit, (d) Paggamit ng Multimedia at Teknolohiya, (e) Pagsasagawa ng Pagsasanay at Worksyap, at Paggamit ng pagpapahalaga sa Kritikal na pag-iisip? (2) Ano – anong teknik ng mga tagapayo sa pamamahayag pampaaralan batay sa (a) Teknikal na

Gabay sa Pagsulat, (b) Pag-edit ng nilalaman, (c) Pangangalap ng datos, (d) Pagpapakilala ng mga Kasanayan sa Multi-media, (e) Mentorship o Pagbibigay ng Pidbak, at (f) Pagsusuri ng Etnograpiya at Komunikasyong Kultural? (3) Anong mga hamon, kahinaan at problema humarap sa campus journalism sa dibisyong lungsod ng mga paaralan sa Maynila sa ikalawang distrito? (4) Anong mga solusyon ang maaaring gawin upang masagot ang mga hamon o problemang nararanasan ng mga pahayagang pampaaralang ito? (5)Mula sa mga nakalap na datos, anong mungkahing gabay sa teknikal na pagsasanay ang ililimbag na nakatuon sa mga estratehiya at pamamaraan ng Tagpayo ng Pampaaraalang Pamamhayag upang matugunan ang mga problemang nararanasan?

Sa kabuuan, inaasahang makatutulong ang pag-aaral na ito hindi lamang sa mga tagapayo, kundi maging sa mga mag-aaral at institusyong pang-edukasyon sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa larangan ng pamamahayag pampaaralan.

*Saligan ng Pag-aaral*

Ang campus journalism sa Pilipinas ay kinikilala bilang mahalagang bahagi ng sistemang pang-edukasyon, na pinagtibay sa pamamagitan ng Republic Act 7079 o Campus Journalism Act of 1991. Itinatag ng batas na ito ang pundasyon ng malayang pamamahayag sa loob ng mga paaralan at binibigyang-diin ang papel ng mga mag-aaral at tagapayo sa pagbuo ng publikasyong pampaaralan.

Sa kontekstong ito, ang School Paper Advisers (SPA) ay may mahalagang tungkulin sa paggabay sa mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng pamamahayag, kabilang ang pagsulat, pag-edit, pamamahala ng nilalaman, at paghahanda sa mga kompetisyon tulad ng press conference. Ayon sa mga pag-aaral, ang partisipasyon sa campus journalism ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan sa komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at paghahanda sa mga propesyon sa media (Crawford, 2021; Vogts, 2020).

Gayunpaman, ipinapakita rin ng mga naunang pag-aaral na may iba't ibang salik at hamon na nakaaapekto sa epektibong pagpapatakbo ng pahayagang pampaaralan. Kabilang dito ang kakulangan sa badyet, limitadong suporta mula sa administrasyon, kakulangan sa pagsasanay ng mga tagapayo, at mababang interes ng mga mag-aaral (Estella, 2019; Mateo, 2020; Marie, 2019). Dagdag pa rito, ipinakita ni Dandayan (2021) na ang mga kasanayan sa pamamahala ng campus journalism ay kadalasang nasa katamtamang antas lamang, na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas sistematikong pagpaplano at pagsasanay.

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral, nakatuon ang karamihan sa mga ito sa pagtukoy ng mga suliranin at salik na nakaaapekto sa campus journalism, ngunit kulang ang mga pananaliksik na sistematikong sumusuri sa aktwal na estratehiya at teknik na ginagamit ng mga School Paper Advisers sa pamamahala at pagpapaunlad ng publikasyong pampaaralan. Higit pa rito, may kakulangan din sa mga pag-aaral na nag-uugnay ng mga estratehiyang ito sa pagbuo ng isang konkretong gabay sa teknikal na pagsasanay na maaaring gamitin sa praktikal na konteksto ng mga paaralan.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

Sa lokal na konteksto, napansin din ng mananaliksik na may pagkakaiba-iba sa paraan ng pamamahala ng mga SPA sa kanilang mga pahayagang pampaaralan, at sa ilang pagkakataon ay wala pang naitatag na publikasyon. Ipinapakita nito ang pangangailangan para sa isang mas malinaw at organisadong balangkas ng mga estratehiya at teknik na maaaring magsilbing gabay sa mga tagapayo at mag-aaral.

Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga estratehiya at teknik ng mga School Paper Advisers sa pamamahayag pampaaralan, tukuyin ang mga hamon na kanilang kinahaharap, at makabuo ng isang mungkahiing gabay sa teknikal na pagsasanay na maaaring magamit upang mapahusay ang pagpapatakbo ng campus journalism sa mga paaralan.

Sa kabuuan, inaasahang makatutulong ang pag-aaral na ito sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga tagapayo at mag-aaral, pati na rin sa pagpapaunlad ng campus journalism bilang mahalagang bahagi ng edukasyon.

## METODOLOHIYA

*Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng convergent mixed methods design, kung saan sabay na kinokolekta at sinusuri ang parehong kwantitatibo at kwalitatibong datos, ngunit pinag-aaralan ang bawat isa nang hiwalay bago pagsamahin ang mga resulta para sa interpretasyon. Ang ganitong disenyo ay nagbibigay-daan sa mas komprehensibong pag-unawa sa suliranin sa pamamagitan ng paghahambing at integrasyon ng dalawang uri ng datos (Damyanov, 2023).

Sa aspektong kwantitatibo, ginamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang ilarawan ang antas ng pagpapatupad ng mga estratehiya sa pamamahayag pampaaralan. Ayon kay Creswell (2023), ang deskriptibong disenyo ay nakatuon sa paglalarawan ng mga katangian ng isang populasyon o penomenon batay sa sistematikong pangangalap ng datos.

Samantala, sa aspektong kwalitatibo, ginamit ang qualitative descriptive approach upang mailarawan ang mga teknik, hamon, at karanasan ng mga tagapayo sa pamamahayag. Ayon kay Ayton (2023), ang ganitong disenyo ay naglalayong magbigay ng masusing paglalarawan ng mga penomena sa halip na magpaliwanag ng sanhi nito.

Sa kabuuan, ang pinagsamang paggamit ng kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan ay nagbigay-daan upang masuri hindi lamang ang antas ng pagpapatupad ng mga estratehiya kundi pati na rin ang lalim ng karanasan at pananaw ng mga tagapayo sa campus journalism.

*Populasyon at Sampling*

Ang populasyon ng pag-aaral ay binubuo ng mga School Paper Advisers (SPA) mula sa mga pampublikong paaralan sa anim (6) na distrito ng lungsod ng Maynila. Pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling, kung saan sinadyang piliin ang mga indibidwal na may direktang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

kaugnayan at sapat na karanasan sa campus journalism upang makapagbigay ng makabuluhang datos (Heath, 2023).

Upang matiyak ang pagiging angkop ng mga kalahok, itinakda ang sumusunod na pamantayan: (a) kasalukuyang tagapayo ng pahayagang pampaaralan; (b) kabilang sa anim na distrito ng Maynila; (c) may aktibong partisipasyon sa Division Schools Press Conference sa nakaraang dalawang taon; (d) may rekord ng pag-usad sa regional at/o national level; at (e) may hindi bababa sa dalawang (2) taong karanasan bilang tagapayo.

Sa pamamagitan ng mga pamantayang ito, natiyak na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman at karanasan upang tugunan ang layunin ng pag-aaral.

**Tagatugon sa Pag-aaral**

Ang mga tagatugon ng pag-aaral ay mga tagapayo ng pahayagang pampaaralan mula sa mga piling pampublikong paaralan sa lungsod ng Maynila. Ang mga paaralang ito ay kilala sa aktibong pakikilahok sa mga press conference mula dibisyon hanggang pambansang antas, kaya't inaasahang ang kanilang mga tagapayo ay may mataas na antas ng karanasan sa larangan ng campus journalism.

Pinili ang mga tagatugon upang makakuha ng malalim at may kredibilidad na datos hinggil sa mga estratehiya, teknik, at hamon sa pamamahala ng publikasyong pampaaralan.

**Kasangkapan sa Pananaliksik**

Upang matugunan ang mga layunin ng pag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng dalawang pangunahing instrumento: (1) Likert Scale Survey Questionnaire at (2) Semi-Structured Interview Guide.

Ang Likert Scale Survey ay ginamit upang sukatin ang antas ng pagpapatupad ng mga estratehiya sa pamamahayag pampaaralan batay sa anim na dimensyon: (a) layunin at pananaw, (b) organisasyon ng nilalaman, (c) gabay sa pagsulat at pag-edit, (d) paggamit ng multimedia, (e) pagsasanay at workshop, at (f) kritikal na pag-iisip.

Samantala, ang semi-structured interview ay nagbigay-daan sa mas malalim na pagtalakay sa mga teknik, hamon, at solusyon. Ayon kay Alidaiwi (2021), ang mga open-ended na tanong ay nagbibigay pagkakataon sa kalahok na ipahayag ang kanilang pananaw gamit ang sariling wika.

Isinailalim ang mga instrumento sa content at face validation ng mga eksperto sa campus journalism. Isinagawa rin ang pilot testing, kung saan nakamit ang Cronbach's alpha na 0.89, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng reliability (George & Mallery, 2003).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

**Paraan ng Pagkalap ng Datos**

Sinimulan ang pangangalap ng datos sa paghingi ng pahintulot mula sa mga kinauukulang opisyal ng paaralan. Matapos ang pag-apruba, isinagawa ang pamamahagi ng survey questionnaire sa mga napiling tagapayo.

Kasunod nito, isinagawa ang semi-structured interview upang makuha ang mas malalim na paliwanag sa kanilang mga karanasan, estratehiya, at teknik sa campus journalism.

Ang mga nakalap na datos ay inayos, sinuri, at inihanda para sa estadistikal at tematikong pagsusuri.

**Pagsusuri ng Datos**

Ginamit sa pag-aaral ang convergent parallel mixed-methods analysis, kung saan hiwalay na sinuri ang kwantitatibo at kwalitatibong datos bago isinagawa ang integrasyon ng resulta.

Para sa SOP 1, ginamit ang descriptive statistics tulad ng mean upang matukoy ang antas ng pagpapatupad ng mga estratehiya. Ang interpretasyon ng mean ay batay sa itinakdang iskala.

Para sa SOP 2–4, ginamit ang qualitative coding, partikular ang open coding, upang matukoy ang mga tema at pattern mula sa mga sagot ng mga kalahok (Delve, 2019; Del Siegle, 2023).

Sa huling bahagi, isinagawa ang integrative analysis upang pagsamahin ang mga resulta at makabuo ng mungkahing gabay sa teknikal na pagsasanay.

**Etikal na Konsiderasyon**

Isinagawa ang pag-aaral alinsunod sa mga etikal na pamantayan sa pananaliksik. Tiniyak ang informed consent ng mga kalahok sa pamamagitan ng malinaw na pagpapaliwanag ng layunin, proseso, at paggamit ng datos.

Pinangalagaan ang pagiging kumpidensyal at anonymity ng mga kalahok sa pamamagitan ng paggamit ng coding system at ligtas na imbakan ng datos. Ipinatupad din ang mga hakbang sa data security, kabilang ang paggamit ng encrypted storage at limitadong access sa impormasyon.

Bukod dito, kinilala ang posibilidad ng emosyonal na epekto sa mga kalahok. Bilang tugon, iminungkahi ang pagbibigay ng follow-up support, tulad ng access sa guidance services kung kinakailangan.

Sa kabuuan, tiniyak ng mananaliksik na ang lahat ng proseso ay isinagawa nang may paggalang sa karapatan, kapakanan, at dignidad ng mga kalahok.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

## RESULTA AT DISKUSYON

*Estratehiya ng mga Tagapayo sa Pamamahayag Pampaaralan*

Sinuri sa bahaging ito ang antas ng pagsasagawa ng mga estratehiya ng mga tagapayo batay sa anim na dimensyon: (1) pagbuo ng layunin at pananaw, (2) pagpaplano at organisasyon ng nilalaman, (3) paggabay sa pagsusulat at pag-edit, (4) paggamit ng multimedia at teknolohiya, (5) pagsasagawa ng pagsasanay at workshop, at (6) paglinang ng kritikal na pag-iisip.

Batay sa kabuuang resulta ng mga talahanayan, lumitaw na ang lahat ng dimensyon ay nakapagtala ng mataas na antas ng pagsasagawa ("Lubos na Sumasang-ayon"), na nagpapahiwatig na ang mga tagapayo ay aktibong ginagampanan ang kanilang tungkulin bilang gabay, tagapamahala, at tagapagsanay sa campus journalism.

Sa dimensyon ng pagbuo ng layunin at pananaw, napatunayang mahusay ang mga tagapayo sa pagbibigay ng malinaw na direksyon, lalo na sa aspeto ng pagbibigay ng konkretong pamamaraan upang makamit ang mga layunin. Gayunpaman, lumitaw na mas mababa ang antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa mismong proseso ng goal-setting, na nagpapahiwatig ng limitadong participatory leadership.

Sa pagpaplano at organisasyon ng nilalaman, ipinakita ng mataas na mean na ang mga tagapayo ay sistematikong gumagabay sa buong proseso ng pagsusulat—mula ideation hanggang technical refinement. Gayunpaman, ang bahagyang mas mababang resulta sa pre-writing planning ay nagpapakita na may puwang pa upang higit na mapalalim ang organisasyon ng ideya bago ang pagsulat.

Samantala, sa paggabay sa pagsusulat at pag-edit, lumitaw na ang mga tagapayo ay may malinaw at konsistent na editorial workflow. Ang mataas na resulta sa proofreading ay nagpapakita na nakatuon sila sa kalidad at integridad ng nilalaman, bagama't mas binibigyang-diin ang final output kaysa sa iterative writing process.

Sa aspeto naman ng multimedia at teknolohiya, ipinakita ng resulta na ang mga tagapayo ay epektibong nakapagsasama ng digital tools sa pamamahayag. Ang mataas na resulta sa ethical use of media ay nagpapakita ng kamalayan sa responsableng paggamit ng teknolohiya. Gayunpaman, ang bahagyang mababang resulta sa teknikal na pangangasiwa ay maaaring indikasyon ng limitadong teknikal na kapasidad o delegation sa mga mag-aaral.

Para sa pagsasanay at workshop, ipinakita na ang mga tagapayo ay aktibong nagsasagawa ng mga programang pampagkatuto. Gayunpaman, ang mas mababang resulta sa external coordination ay nagpapahiwatig na ang pakikipag-ugnayan sa mas mataas na institusyon ay hindi pa ganap na napapakinabangan.

Sa huli, sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, lumitaw na ang mga tagapayo ay gumagamit ng mga aktibidad, talakayan, at pagsusuri ng isyu upang paunlarin ang analitikal na kakayahan ng

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

mga mag-aaral. Gayunpaman, ang bahagyang mababang resulta sa paggamit ng learning resources ay nagpapakita ng kakulangan sa materyales o instructional tools.

Pinagtibay ng mga kwalitatibong resulta ang mga natuklasan sa kwantitatibong datos. Lumitaw ang mga temang tulad ng: (a) Kolaboratibong Pagpaplano at Mentoring, (b) Inobatibong Pagtuturo at Paggamit ng Teknolohiya, (c) Reflective at Contextual Learning, at (d) Inter-institutional Collaboration

Ipinapakita ng mga temang ito na ang mga tagapayo ay gumagamit ng holistikong diskarte na pinagsasama ang mentoring, kolaborasyon, at teknolohiya.

Gayunpaman, kahit na may mga kolaboratibong estratehiya, nananatiling teacher-led ang karamihan sa proseso, na sumusuporta sa naunang natuklasan na limitado ang participatory engagement ng mga mag-aaral.

Ang mga natuklasan ay maaaring maipaliwanag sa pamamagitan ng Reflective Practice Theory ni John Dewey, kung saan ang mga tagapayo ay nagsasagawa ng patuloy na pagninilay at pag-aangkop ng kanilang mga estratehiya batay sa karanasan.

Ipinapakita ng mataas na antas ng pagpaplano at paggabay na ang mga tagapayo ay reflective practitioners. Gayunpaman, ang limitadong partisipasyon ng mga mag-aaral ay nagpapahiwatig na ang reflective process ay hindi pa ganap na shared o collaborative, na mahalaga sa experiential learning.

*Teknik ng mga Tagapayo sa Pamamahayag Pampaaralan*

Sinuri sa bahaging ito ang mga teknik na ginagamit ng mga tagapayo, kabilang ang teknikal na gabay sa pagsulat, pag-edit, pangangalap ng datos, multimedia skills, mentorship, at kultural na komunikasyon.

Batay sa kwalitatibong pagsusuri, lumitaw ang ilang pangunahing teknik: (a) Etikal na Pamamahayag, (b) Konsultatibong Gabay at Feedback, (c) Paggamit ng Modelong Artikulo, (d) Pagtuturo ng Estruktura at Estilo, at (e) Kritikal na Diskurso at Pagsusuri.

Ipinapakita ng mga teknik na ang mga tagapayo ay gumagamit ng kombinasyon ng direktang pagtuturo (explicit instruction) at mentoring approach. Ang pagbibigay ng sample articles at structured guidance ay nagpapakita ng scaffolded learning, habang ang konsultasyon at feedback ay nagpapakita ng individualized instruction.

Gayunpaman, lumitaw na ang mga teknik ay nakasentro pa rin sa instructional authority ng tagapayo, kung saan ang feedback ay kadalasang one-way kaysa dialogic.

Maaari itong maiugnay sa Reflective Practice Theory, kung saan ang tagapayo ay nagsisilbing guide-on-the-side, ngunit sa kasalukuyang resulta ay mas nangingibabaw pa rin ang pagiging director-of-learning kaysa facilitator.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

*Mga Hamon, Kahinaan, at Suliranin sa Campus Journalism*

Sinuri sa bahaging ito ang mga hamon at suliraning kinakaharap ng campus journalism sa konteksto ng mga pampublikong paaralan sa lungsod ng Maynila. Batay sa kwalitatibong datos, lumitaw ang ilang pangunahing tema ng mga hamon na naranasan ng mga tagapayo at mamamahayag.

Una, lumitaw ang kakulangan sa oras at iskedyul bilang isa sa mga pangunahing suliranin. Dahil sa dami ng akademikong gawain at responsibilidad ng mga guro, nahihirapan ang mga tagapayo na maglaan ng sapat na oras para sa pagsasanay at mentoring. Ito ay nagiging hadlang sa tuloy-tuloy na paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral.
Ikalawa, binigyang-diin ang limitadong pondo at resources, kabilang ang kakulangan sa kagamitan, printing materials, at access sa digital tools. Ang kakulangang ito ay direktang nakaapekto sa kalidad at consistency ng publikasyon.

Ikatlo, lumitaw ang mababang partisipasyon at motibasyon ng mga mag-aaral. Sa ilang pagkakataon, nahihirapan ang mga tagapayo na makahikayat ng aktibong miyembro, lalo na kung walang sapat na suporta o insentibo ang campus journalism sa paaralan.

Ikaapat, nabanggit ang kakulangan sa pagsasanay at teknikal na kahandaan ng mga tagapayo, partikular sa larangan ng digital journalism at multimedia integration. Ito ay nagiging hadlang sa pag-angkop sa modernong anyo ng pamamahayag.

Ang mga hamong ito ay direktang nakaapekto sa mga natuklasan sa Problema 1 at 2. Ang limitadong oras ay nagpapaliwanag kung bakit nananatiling teacher-centered ang ilang estratehiya. Ang kakulangan sa resources ay nakaapekto sa paggamit ng multimedia at learning materials. Ang mababang partisipasyon ay konektado sa limitadong student involvement sa goal-setting. Ang kakulangan sa training ay nagpapaliwanag ng limitasyon sa technical at digital competencies. Ibig sabihin nito ay hindi isolated ang problema—systemic ang epekto nito sa buong proseso ng campus journalism.

Sa pananaw ng Reflective Practice Theory, ang mga hamon na ito ay nagsisilbing bahagi ng reflective cycle kung saan ang mga tagapayo ay patuloy na nag-aadjust ng kanilang estratehiya batay sa karanasan.

Gayunpaman, ipinapakita ng resulta na ang reflection ay kadalasang reactive (after the problem) kaysa proactive (planned improvement), na naglilimita sa mas sistematikong pag-unlad ng programa.

*Mga Solusyon sa mga Hamon ng Campus Journalism*

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, iminungkahi ng mga kalahok ang ilang mahahalagang solusyon upang matugunan ang mga hamon na kinakaharap sa campus journalism. Kabilang dito ang pagpapalakas ng pagsasanay at professional development ng mga tagapayo sa pamamagitan

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

ng regular na seminar, workshop, at teknikal na pagsasanay, partikular sa larangan ng digital at multimedia journalism. Iminungkahi rin ang paglalaan ng mas malinaw at sistematikong oras para sa mga gawaing pampahayagan, upang matiyak ang tuloy-tuloy na mentoring at produksyon ng publikasyon. Kaugnay nito, binigyang-diin ang pangangailangan ng sapat na pondo, kagamitan, at access sa teknolohiya, na mahalaga upang mapahusay ang kalidad ng output at mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral.

Higit pa rito, inirekomenda ang pagpapataas ng partisipasyon at motibasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng interaktibong estratehiya, pagkilala sa kanilang mga ambag, at pagpapalakas ng kolaboratibong gawain. Binanggit din ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa iba pang institusyon, media practitioners, at organisasyon, upang mapalawak ang kaalaman, exposure, at karanasan ng mga mamamahayag.

Kapag iniuugnay sa mga natukoy na suliranin sa Problema 3, malinaw na ang mga iminungkahing solusyon ay direktang tumutugon sa kakulangan sa oras, limitadong resources, mababang partisipasyon, at kakulangan sa pagsasanay. Ipinapakita nito na ang mga rekomendasyon ay nakabatay sa aktwal na karanasan at datos, at hindi lamang teoretikal. Mula sa pananaw ng Reflective Practice Theory, ang mga solusyong ito ay sumasalamin sa kakayahan ng mga tagapayo na matuto mula sa kanilang karanasan at magsagawa ng mga makabuluhang pagbabago sa kanilang estratehiya. Sa kabuuan, ipinapahiwatig ng resulta na ang pagpapabuti ng campus journalism ay nangangailangan ng isang holistiko, sistematiko, at suportadong diskarte, kung saan pinagsasama ang pagsasanay, teknolohiya, partisipasyon, at institusyonal na suporta upang makamit ang mas mataas na antas ng kahusayan sa pamamahayag pampaaralan.

*Mungkahing Gabay sa Teknikal na Pagsasanay*

Batay sa mga natuklasan mula sa Problema 1 hanggang Problema 4, nabuo ang isang mungkahiing gabay sa teknikal na pagsasanay na nakatuon sa pagpapalakas ng estratehiya at teknik ng mga tagapayo sa pamamahayag pampaaralan. Ang gabay na ito ay idinisenyo upang tugunan ang mga natukoy na kahinaan sa implementasyon ng mga estratehiya, kakulangan sa teknikal na kasanayan, at mga hamon na naranasan sa aktwal na konteksto ng campus journalism.

Ang nilalaman ng mungkahing gabay ay nakabatay sa apat na pangunahing bahagi: (1) pagpapalakas ng pagpaplano at goal-setting, (2) pagpapaunlad ng pagsulat at pag-edit, (3) integrasyon ng multimedia at digital journalism, at (4) pagpapalalim ng kritikal na pag-iisip at kolaboratibong pagkatuto. Ang mga bahaging ito ay direktang hinango mula sa mataas at mababang resulta sa Problema 1, gayundin sa mga teknik na natukoy sa Problema 2.

Higit pa rito, isinama sa gabay ang mga estratehiya upang matugunan ang mga hamon na natukoy sa Problema 3, tulad ng kakulangan sa oras, limitadong resources, at mababang partisipasyon ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang pagdidisenyo ng mga modular na pagsasanay, paggamit ng accessible digital tools, at pagpapatupad ng collaborative learning activities.

Ang mga rekomendasyong nakapaloob sa gabay ay nakaangkla rin sa mga solusyong iminungkahi sa Problema 4, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng tuloy-tuloy na pagsasanay,

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

institutional support, at pagpapalawak ng ugnayan sa iba't ibang sektor. Sa ganitong paraan, ang gabay ay hindi lamang teoretikal kundi praktikal at kontekstuwal, na maaaring direktang magamit ng mga tagapayo sa kanilang pang-araw-araw na gawain.

Mula sa pananaw ng Reflective Practice Theory, ang mungkahing gabay ay nagsisilbing isang instrumento ng patuloy na pagninilay at pagpapabuti ng kasanayan ng mga tagapayo. Sa pamamagitan nito, ang mga tagapayo ay inaasahang makapag-aangkop ng kanilang mga estratehiya batay sa karanasan, na magreresulta sa mas epektibong pamamahala ng pahayagang pampaaralan.

Sa kabuuan, ipinakita ng pag-aaral na ang pagbuo ng mungkahing gabay ay isang data-driven na interbensyon, na nag-uugnay sa mga natukoy na estratehiya, teknik, hamon, at solusyon. Ipinapahiwatig nito na ang sistematikong pagsasanay at malinaw na balangkas ng gawain ay mahalaga upang mapataas ang antas ng kahusayan sa campus journalism at matiyak ang patuloy na pag-unlad nito sa konteksto ng makabagong edukasyon.

## PAGLALAHAT

Upang bigyang kasagutan ang mga tanong na ibinigay, ang mga sumusunod ay ang mga natamong konklusyon ng mananaliksik:

Para sa mga estratehiyang ginagamit ng mga tagapayo ay ang mga sumusunod: (a) Mula sa mga resulta, maihahaka na ang tagapayo ng pahayagang pampaaralan ay may katangiang malinaw at organisado sa pagpaplano dahil ipinakita ng mataas na mean ang kakayahan niyang bumuo ng malinaw na layunin na nagsisilbing direksyon ng publikasyon, bagaman mas nakatuon pa ang pagpaplano sa pamumuno kaysa sa kolaborasyon ng mga mamamahayag. (b) Ang tagapayo ay may katangiang sistematikong tagapag-ayos ng nilalaman dahil naipakita ang kahusayan sa pagsusuri ng artikulo, malinaw na pagpapaliwanag ng ideya, at kaalaman sa wastong paggamit ng balarila bilang bahagi ng paggabay sa mga mamamahayag. (c) Ang tagapayo ay may katangiang mahusay sa pamumuno sa proseso ng pagsusulat at pag-edit dahil malinaw ang kanyang papel sa pagbibigay ng direksyon, pagtukoy ng pamamaraan, at pagtitiyak sa kalidad at katumpakan ng mga artikulo. (d) Sa aspekto ng multimedia at teknolohiya, ang tagapayo ay may katangiang makabago at teknolohikal na may kamalayang etikal dahil naipakita ang kakayahan sa paggamit ng digital tools, multimedia production, at pagpapatupad ng etikal na pamantayan sa makabagong pamamahayag. (e) Ang tagapayo ay may katangiang organisasyunal at program-oriented dahil sa kakayahan niyang mamuno sa pagsasagawa ng mga pagsasanay, pamahalaan ang pondo, makipag-ugnayan sa iba't ibang sektor, at tasahin ang resulta ng mga *workshop*. (f) Ang tagapayo ay may katangiang tagapaglinang ng kritikal na pag-iisip dahil sa pagbibigay ng mga gawaing nakatuon sa pagsusuri ng ebidensya at pag-uugnay ng pambansang isyu sa konteksto ng pagsusulat sa pahayagang pampaaralan.

Pagdating sa teknik na dapat gamitin: (a) Ang tagapayo ay may katangiang holistikong mentor dahil ginagampanan niya ang papel bilang guro, tagagabay, at tagapagsanay sa paghubog ng kasanayan at pananaw ng mga mag-aaral sa pahayagang pampaaralan. (b) Ang tagapayo ay may katangiang mapanuring tagapagbigay ng puna dahil ang kanyang gabay at feedback ay

humuhubog sa mga mag-aaral bilang manunulat na may matatag na pundasyong etikal at teknikal. (c) Ang tagapayo ay may katangiang balanseng tagapagturo dahil pinagsasama niya ang teknikal na kaalaman at praktikal na paggabay sa paghubog ng responsable at mapanuring mamamahayag. (d) Ang tagapayo ay may katangiang tagapagtaguyod ng inobasyon dahil aktibo niyang isinasama ang makabagong midya at teknolohiya sa paghahanda ng mga mag-aaral sa kontemporaryong pamamahayag. (e) Ang tagapayo ay may katangiang katuwang sa propesyonal na paghubog dahil sa patuloy na paggabay sa teknikal at organisasyonal na aspekto ng gawain sa pahayagan. (f) Ang tagapayo ay may katangiang tagapagpalalim ng kamalayang kultural dahil nagsisilbi siyang daluyan sa pag-unawa ng mga mamamahayag sa ugnayan ng kultura at komunikasyon sa pagsusulat ng sensitibo at makabuluhang nilalaman.

Ang tagapayo ay may katangiang masinop, masikap, at adaptibo dahil sa patuloy na pagtugon sa mga hamon ng kakulangan sa pondo, oras, kagamitan, at suporta upang mapanatili ang episyente at etikal na pagpapatakbo ng pahayagang pampaaralan.

Ang tagapayo ay may katangiang sistematiko at kolaboratibo dahil sa paggamit ng makabagong teknolohiya, etikal na pamantayan, at network partnerships bilang tugon sa mga suliraning kinahaharap ng campus journalism.

Ang pagbuo ng teknikal na gabay ay nagsisilbing checklist ng mga kasanayan at gampanin na dapat taglayin ng isang tagapayo upang maging epektibong lider, tagapagturo, at tagapagtanggol ng malayang pamamahayag sa paaralan mula sa repleksyon ng nagawang "Mungkahing Gabay sa Teknikal na Pagsasanay para sa mga Tagapayo ng Pahayagang Pampaaralan", maging mapanuri, makabago, at kolaboratibo ang mga tagapayo ng pahayagang pampaaralan sa pagpapatupad ng mga estratehiyang nagtataguyod ng etika, inobasyon, at komunidad.

**MUNGKAHI**

Kasabay ng mga buod at konkulsyon, inilalatag din ng mananaliksik ang mga rekomendasyon sa mga mambabasa, lalo't higit sa mga tagapayo at mamamahayag ng pamahayagang pampaaralan:

1. Para sa mga tagapayo ng pamahayagang pampaaralan, ang mga sumusunod ay iminumangkahi ng mananaliksik mula sa mga nakalam na datos upang mapag-igting ang mga estratehiya at teknik na maaaring gamitin: (a) Isagawa ang collaborative goal setting, regular na planning sessions, at pagpapalakas ng value formation sa pagtuturo ng etika at pananaw ng pamahayagang pampaaralan. (b) Paunlarin ang sistematikong pamamaraan sa pagpaplano at pagtuturo upang mapanatili ang kalidad at propesyonalismo ng pahayagang pampaaralan. (c) Sanayin ang mga tagapayo sa mga makabagong teknik sa editing at pagsusulat upang mapanatili ang mataas na pamantayan ng pampahayagang produksiyon. (d) Palawakin pa ang pagsasanay ng mga tagapayo at mamamahayag sa paggamit ng multimedia tools upang higit na mapalakas ang digital journalism sa antas ng paaralan. (e) Pagyamanin ang kanilang kakayahan sa pamumuno at organisasyon upang higit na mapaunlad ang kalidad ng mga workshop at pagsasanay sa pamamahayag pampaaralan. (f) Paigtingin pa ang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

paggamit ng mga estratehiya at aktibidad na higit na magpapalalim sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral sa larangan ng pamamahayag.

2. Iminumungkahi na gamitin ang komprehensibong gabay sa teknikal na pagsasanay para sa mga tagapayo, na maglalaman ng mga sistematikong teknik sa etikal, lingguwistiko, at estruktural na aspekto ng pampahayagang pagsusulat upang higit na mapaunlad ang kalidad ng mga artikulong nililikha ng mga mag-aaral.
3. Para sa mga school administrator, iminumungkahi ang pagbuo ng School-based Journalism Support Framework na nakatuon sa pondo, teknolohiya, at mentorship upang matugunan ang mga pangunahing hamon at mapaigting ang kultura ng pamamahayag sa mga paaralan.
4. Iminumungkahi ang pagpapatupad ng DepEd Division–initiated annual training program para sa mga tagapayo ng pahayagang pampaaralan na nakabatay sa mungkahing gabay na ito, upang masiguro ang patuloy na propesyonalisasyon at pagsunod sa etikal, teknikal, at digital na pamantayan ng modernong campus journalism.
5. Iminumungkahi na ang mga mag-aaral na mamamahayag ay patuloy na linangin ang kanilang kasanayan sa pagsusulat, pananaliksik, at etikal na pamamahayag sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga pagsasanay at palihan. Dapat silang maging mapanuri at responsable sa paggamit ng impormasyon, lalo na sa digital na pamamahayag, upang mapanatili ang katotohanan at kredibilidad ng kanilang mga artikulo. Hinihikayat din silang gamitin ang makabagong teknolohiya at multimedia upang makalikha ng makabuluhang balita para sa kapwa mag-aaral.
6. Rekomendasyon din ng mananaliksik sa mga paaralan at ang DepEd Division Office ng Maynila na maglaan ng regular na pagsasanay at technical workshop para sa mga tagapayo at mag-aaral sa larangan ng campus journalism. Dapat ding magpatupad ng support program na tutugon sa pangangailangan sa kagamitan, pondo, at digital resources upang mapanatili ang kalidad ng mga publikasyon. Hinihikayat din ang mas matatag na partnership sa pagitan ng mga paaralan, lokal na pamahalaan, at media institutions upang mapalawak ang oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad at etikal na pamamahayag ng kabataan.
7. Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda na palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng mas maraming tagapayo mula sa iba't ibang dibisyon o rehiyon upang makakuha ng mas komprehensibong datos. Maaaring ding pagtuunan ng pansin ang pagsusuri sa epekto ng mga teknikal na pagsasanay at mentoring program sa pagganap ng mga mag-aaral bilang mamamahayag. Hinihikayat din ang paggamit ng mixed-method approach upang higit na maunawaan ang ugnayan ng etika, teknolohiya, at kolaborasyon sa pagpapaunlad ng campus journalism.

**SANGGUNIAN**

Abad, A. (2021, December). Campus journalism practices among state universities of CALABARZON. *IOER International Multidisciplinary Research Journal*, *3*(4), 210-218. https://orcid.org/0000-0003-4108-1794

Advincula, J., & Adtoon, J. (2024). *Narratives of Campus Publication Advisers: Challenges, Adaptations, and Student Engagement Post-Pandemic.* Far Eastern University Research Journal, 5(2), 45–59. https://tinyurl.com/5fa4bk27

Al-Khalifa, H. (2023). *Digital pedagogy in journalism education: Integrating multimedia tools for learning engagement.* Journal of Communication Education, 18(2), 44-59.

Alidaiwi, D. (2021). *Survey: Open-Ended Questions*. Sage. Retrieved 2024, from https://methods.sagepub.com/reference/the-sage-encyclopedia-of-communication-research-methods/i14345.xml

Ayton, D. (2023). *Chapter 5: Qualitative descriptive research – Qualitative Research – a practical guide for health and social care researchers and practitioners*. Open Educational Resources Collective. Retrieved June 25, 2024, from https://oercollective.caul.edu.au/qualitative-research/chapter/__unknown__-5/

Besa, L., & Parcon. (2019). The seminar-workshop experience in journalism class: A best practice. *International Journal of Arts Humanities and Social Sciences Studies*, *10*(3), 45-55. https://ijhss. net/index.php/ijhss/article/view/451

Carless, D., & Boud, D. (2021). *The development of student feedback literacy: Enabling uptake of feedback.* Assessment & Evaluation in Higher Education, 46(3), 398–411.

Cavestro. (2019). *Combined management report 2019 including supplementary sustainability information*. Cavestro. https://www.covestro.com/-/media/covestro/country-sites/global/documents/sustainability/policies/covestro-sustainable-development-olicy.pdf?la=en

Crawford, J. (2021, September 9). High school journalism advisors and African American students. *Journal of Research Initiatives*, *5*(3), 1-19. https://digitalcommons.uncfsu.edu/jri/vol5/iss3/1/

Creswell, J. (2023, September 4). *Introduction to Descriptive Design Research*. SurveyPoint. Retrieved June 25, 2024, from https://surveypoint.ai/blog/2023/09/04/introduction-to-descriptive-design-research/

Cruz, L. M. (2021). *Mentorship in student journalism: Enhancing writing coherence through adviser-led coaching*. Philippine Journal of Communication and Media Studies, 17(2), 34–50.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

Dandayan, A. (2021). Investigation of Campus Journalism Practices across State Universities in the CALABARZON Region. *IOER International Multidisciplinary Research Journal*, *3*(5), 101-116. https://orcid.org/0000-0003-4108-1794

Damyanov, M. (2023, February 20). *Mixed Methods Research Guide with Examples*. Dovetail. Retrieved January 3, 2025, from https://dovetail.com/research/mixed-methods-research/

De la Cruz, M. P. (2022). *Instructional leadership among school publication advisers: Its influence on the effectiveness of campus journalism programs*. Philippine Journal of Educational Development, 34(2), 45–59.

Delve. (2019). *Essential Guide to Coding Qualitative Data — Delve*. Delve. Retrieved June 26, 2024, from https://delvetool.com/guide

Department of Education. (2017). *Campus journalism program implementation guidelines*. Department of Education Order No. 94, s. 2017. https://www.deped.gov.ph

Department of Education. (2019). *Campus journalism program manual*. DepEd Publication Division. https://www.deped.gov.ph

Department of Education. (2023, April 20). *2023 National School Press Conference*. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DM_s2023_024.pdf

Department of Education. (2024, Septemeber 9). *Schedule of Campus Journalism*. School Division of Bulacan. https://bulacandeped.com.ph/wp-content/uploads/2024/09/DIVISION-MEMORANDUM-NO-383-S-2024.pdf

Department of Education Manila. (2022). *DepED Manila Public Schools*. Department of Education Manila. Retrieved June 26, 2024, from https://depedmanila.blogspot.com/p/deped-manila-public-schools.html

Dewey, J. (1933). *How we think: A restatement of the relation of reflective thinking to the educative process.* D.C. Heath and Company: Chicago.

Domingo, R. P. (2023). *Pedagogical scaffolding in journalistic writing instruction*. Journal of Educational Research and Pedagogy, 10(1), 77–91.

Domingo, R. P. (2024). *Ethical and editorial supervision practices among campus publication advisers.* Journal of Educational Media and Literacy, 11(1), 57–73.

George, L. Malley, P. (2003). *Acceptability level of reliability.* Research Gate. https://www.researchgate.net/figure/Acceptable-Level-of-reliability-George-Malley-2003_tbl3_338938434

Goh, R.A. (2019, May). *R.A. 7079: Campus Journalism Act of 1991.* Slideshare. https://www.slideshare.net/randelgoh/campus-journalism-ra-7079

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

Heath, C. (2023, February 5). *What Is Purposive Sampling? Technique, Examples, and FAQs*. Dovetail. Retrieved June 26, 2024, from https://dovetail.com/research/purposive-sampling/

Himma-Kadakas, M., & Ojamets, I. (2022). *Investigating journalists' fact-checking skills.* Journal of Media Studies, 12(3), 45-62.

Ladia, R. M. (2015). *Challenges and prospects of campus journalism in Region III: Basis for an enhanced program.* International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences, 4(12), 128–138.

Libago, R. (2020). *Demystifying the experiences of student journalists in balancing academic and media tasks.* Journal of Education and Communication Studies, 4(1), 88–102.

Llamas, R. J. (2021). *Epekto ng kolaboratibong pamamaraan sa pagsasanay ng mga campus journalists*. Journal of Language and Media Education, 12(1), 88–102.

Llamas, R. J. (2021). *Mentorship and editing guidance in student journalism programs.* Journal of Communication Pedagogy, 8(2), 98–112.

Llamas, R. J. (2023). *Collaborative editing and peer mentoring in student journalism: A pedagogical perspective*. Philippine Journal of Language and Literacy Education, 15(2), 112–128.

Llamas, R. J. (2023). *Facilitating media literacy and reflective thinking in school publications.* Asian Journal of Educational Communication, 15(1), 93–110.

Machete, P., & Turpin, M. (2020). *The use of critical thinking to identify fake news: A systematic literature review.* PMC.

Meadows, M. (2021). *Cultural Studies and Journalism*. Media International Australia. 90(1):43-51. DOI:10.1177/1329878X9909000107.

Mendoza, S. (2021, August 1). *Kasaysayan ng pahayagang pangkampus | PPT*. SlideShare. Retrieved June 25, 2024, from https://www.slideshare.net/slideshow/kasaysayan-ng-pahayagang-pangkampus/249899164

Mesquita, L., Maneta, M., & Brites, M. J. (2024). *Beyond verification: The evolving role of fact-checking organisations in media literacy education for youth.* Media & Communication, 12, Article 8690.

Moody, M., & Burleso, C. (2019). Using service-based, collaborative teaching in journalism courses. *Teaching Journalism and Mass Communication: A Journal Published by the Small Programs Interest Group*, *9*(2), 63-89. https:// https://aejmc.us/spig/2013/utilizing-service-based-collaborative- teaching-in-journalism-courses/

Natividad, A. M. (2021, July). Public School Paper Advisers' Assessment on the Implementation of Campus Journalism Act. *Behavioral and Social Science Journal*, *8*, 31-46. https://www.dpublication.com/wp-content/uploads/2021/07/A25-907.pdf

Nguyen, T. H. (2021). *Reflective journalism pedagogy: Feedback, collaboration, and accountability in student writing*. Journal of Media Education, 12(4), 45–59.

Nkoala, S. B. (2020). *Student perceptions of multilingualism and the culture of communication in journalism studies in higher education.* Reading & Writing - Journal of the Reading Association of South Africa. 11(1), a258. https://doi.org/10.4102/rw.v11i1.258.

Omay, F. (2020, June 7). *The Campus Journalists of PLSNHS*. ResearchGate. Retrieved June 28, 2024, from https://www.researchgate.net/publication/341990012_The_Campus_Journalists_of_PLSNHS

Schön, D. (2006). *Leontiev's Theory of Activity and Donald Schön's Reflective Professor: reflections on teacher education*. Redalyc. Retrieved June 26, 2024, from https://www.redalyc.org/journal/3033/303368056010/html/

Sengl, M. (2023). *Teaching journalism literacy in schools: The role of journalism-education projects.* Media & Communication, 11(1), 114-128. DOI: https://doi.org/10.17645/mac.v11i2.6389

Serrano, A. (2023). *Developing visual accuracy through mobile journalism training.* Journalism Education Review, 11(2), 57-71.

Study Smarter. (2023). *Interview in Research: Types & Characteristics*. StudySmarter. Retrieved June 26, 2024, from https://www.studysmarter.co.uk/explanations/marketing/marketing-information-management/interview-in-research/

Supreme Court E-Library. (2019). *Republic Act No. 7079 - An act providing for the development and promotion of campus journalism and for other purposes*. Supreme Court E-Library. Retrieved June 25, 2024, from https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/2685

Tanase, G. (2019). An overall analysis of participatory budgeting: advantages and essential factors for an effective implementation in economic entities. *Journal of Eastern European Research in Business and Economics*, *1*(12), 1-12. https://doi.org/10.5171/2013.20192

Unimrkt Research. (2023, August 7). *An Expert's Guide to Successful Quantitative Descriptive Research*. Unimrkt Research. Retrieved January 3, 2025, from https://www.unimrkt.com/blog/an-experts-guide-to-successful-quantitative-descriptive-research.php

Velasco, K. D. (2022). *Training-based approaches in campus journalism instruction.* Journal of Educational Media Practice, 10(2), 93-109.

Villanueva, A. D. (2020). *The three-tiered writing approach in campus journalism: From ideation to publication*. Asia Pacific Journal of Language and Literacy, 6(3), 102–118.

Villanueva, A. D. (2021). *Capacity building and leadership roles of publication advisers in student journalism programs.* Philippine Journal of Communication and Education, 10(3), 88–105.

Villanueva, A. D. (2022). *Developing editorial workflow models for school publication management.* Asia Pacific Journal of Education and Literacy, 9(3), 144–159.

Vogts, T. R. (2020). *Effects of journalism education on student engagement: a case study of a small-town scholastic press programe*. MOspace Home. Retrieved June 28, 2024, from https://mospace.umsystem.edu/xmlui/handle/10355/66290

Yee, K. K. (2024). *Problem-based learning: Media and information literacy projects among journalism undergraduates.* Journalism Education, 15(4), 78-93.

Yun Hao, & Lin, Y. & Jin, Y. (2024). *Challenges and Opportunities for Journalism and Communication Education in the Context of Globalisation*. Journal of Education, Humanities and Social Sciences MAMEE, 31, 227-241. https://doi.org/10.54097/cvm9nn40